Utusan na magtakip ang mga kababaihan, at huwag lambutan o lambingin ang boses habang nakikipag-usap sa kababaihan, ni ang makihalubilo sa kanila.	Pagbaba ng iyong pagtingin, at pag-iwas sa lugar na marami ang kababaihan, katulad ng: pamilihan, at lumayo sa lugar na kasama ang mga di kaano-anong babae.	Ang pag-iwas sa labis na pagkain at inom; ito'y nakakabawas ng seksuwal na pagnanasa.	Ang pag-aasawa nang maaga kapag mayroong kakayahan, at kapag hindi; siya ay inuutusang mag-ayuno, **"Upang pagpipigil sa maling pagnanasa".** -Isinalaysay ni Bukhari at Muslim	Paglayo sa pag-uusap tungkol sa maling pagnanasa at pananalita, at ilayo ang pagtitipon sa di makabuluhang pag-uusap.	Nararapat na iyong itatak sa iyong puso't isipan na anumang kasalanan ang iyong iwanan para sa landas ng Allah, ito'y mayroong magandang kapalit. Ang Sugo ni Allah ay nagsabi, **"Wala kang iiwanan para sa Allah, maliban na ito'y papalitan nang higit ni Allah"** – Isinalaysay ni Ahmad	Taqwa (Tunay na pagkatakot sa Allah), at palagiang pananalangin sa Allah; kagaya ng pananalangin ni Propeta Yusuf (alayhis salam): "**At maliban na iyong ilayo sa akin ang kanilang pagtatangka, ako ay mahuhulog sa kanilang pagnanasa**" [12:33]
(7)	**(6)**	**(5)**	**(4)**	**(3)**	**(2)**	**(1)**
Nararapat na Gawin Upang Malayo sa Tukso, Pakikiapid, Homoseksuwalidad at Malalaswang Gawain						
(14)	**(13)**	**(12)**	**(11)**	**(10)**	**(9)**	**(8)**
Pagsasanay na pigilan ang kasamaan saan man tayo naroroon, kahit na ito'y maliit na antas ng pagpipigil ng kasamaan (pagkamuhi), dahil ito'y nagbubuhay ng kabutihan sa ating puso.	Ilagay ang ating selpon at kompyuter sa lugar na nakikita ng iba, upang malayo sa masamang bulong ng Satanas.	Iwasan ang sobrang paggamit ng "Social Media", at anumang malalaswang tema sa mga ito.	Iwasan na mabakante, at gawing abala ang sarili sa mga nakakabuti, dahil ang pagiging bakante ay nakakasira, dahil kapag hindi tayo abala, ang ating sarili at Satanas ang aabala sa atin.	Parating tatandaan ang alituntunin, "**Ang trato mo sa kapwa ay siya ring tatanggapin mo**" dahil ang pakikiapid ay atraso na kinakailangan pagbayaran.	Ang pakikihalubilo at pagsama sa mga mabubuting tao, mga taong nagtuturo ng kabutihan at nagpipigil ng kasamaan. At pag-iwas at paglayo sa masasamang tao na nag-aanyaya sa kalaswaan.	Ang pagbabasa ng Surah (kabanata) at kwento ni Propeta Yusuf (alayhis salam), at ibang kwento na nabanggit sa Qur'an, Sunnah at mga istorya ng mga Salaf.